

Mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho

Ibinalik na ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho.

Bilang resulta ng krisis sa COVID-19, sinuspinde ng Gobernador, sa suporta ng Lehislatura, ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho sa simula ng pandemya. Sa pagbangon ng ekonomiya, ibinalik na ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho. Ibig sabihin nito, dapat kang maghanap ng trabaho at magdokumento ng kahit man lang tatlong aprubadong aktibidad sa paghahanap ng trabaho kada linggo para manatiling kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Kailan nagkakaroon ulit ng bisa ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho?

Simulan ang iyong mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa linggo ng Hulyo 4-Hulyo 10.

Lulat ang mga aktibidad na iyon simula sa linggo ng Hulyo 11, at kada linggo na kailangan mo ang mga benepisyo pagkatapos nito.

Sa pahinang ito

- [Listahan ng mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho](#)
- [Mga madalas itanong](#)
- [Makakuha ng tulong sa paghahanap ng trabaho](#)

Listahan ng mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho

Gawing epektibo para sa iyo ang mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho

Kasama sa chart sa ibaba ang kasalukuyang listahan ng mga aprubadong aktibida sa paghahanap ng trabaho. Dapat kang kumumpleto ng tatlo kada linggo kung tumatanggap ka ng regular na insurance sa kawalan ng trabaho o Kabayaran sa Kawalan ng Trabaho sa Emergency sa Panahon ng Pandemya (Pandemic Emergency Unemployment Compensation, PEUC) para manatiling kwalipikado para sa mga benepisyo. Dapat kang kumumpleto ng isang aprubadong aktibidad kung tumatanggap ka ng Tulong sa Kawalan ng Trabaho sa Pandemya (Pandemic Unemployment Assistance, PUA), bagama't mariin naming hinihikayat na kumumpleto ng tatlo.

Kamakailan ay dinagdagan namin ang listahang ito para gawing mas makabuluhan ang iyong paghahanap ng trabaho – at magbigay ng maraming opsyon na puwedeng gawin sa virtual na paraan!

Nagha-hire ang mga employer sa buong estado, kaya anuman ang iyong karanasan o industriya, gawing epektibo ang mga paghahanap ng trabaho na ito para sa iyo at matulungan kang makuha ang trabahong gusto mo.

Uri ng aktibidad	Aprubado sa aktibidad sa paghahanap ng trabaho	Mga ideya sa dokumentasyon	Aprubado para sa Mga Extended na Benepisyo*
Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng employer	Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng employer (application, impormasyonal na panayam, panayam para sa trabaho, follow-up na pakikipag-usap o email)	Posisyon sa trabaho o reference number, pangalan ng employer o negosyo, impormasyon kung paano mo ginawa ang pakikipag-ugnayan (in-person, online, telepono, email, o iba pa), impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng employer o negosyo	X
WorkSource	Mag-set up ng account sa WorkSourceWA.com	Screen shot ng page ng iyong account	
WorkSource	I-upload ang iyong resume sa WorkSourceWA.com at gawin itong nahahanap para sa mga employer	Screen shot o kopya ng iyong resume	
WorkSource	Lumahok sa isang in-person o virtual na workshop na sponsored ng WorkSource	Pangalan ng workshop, petsa, oras, at lokasyon	

WorkSource	Lumahok sa isang in-person o virtual na job fair o hiring event na sponsored ng WorkSource at makipag-ugnayan sa kahit man lang isang employer	Pangalan ng event, petsa, at impormasyon tungkol sa saan o paano ka dadalo, pangalan ng employer
WorkSource	Lumahok sa isang job club na sponsored ng WorkSource	Pangalan ng club, petsa, at kung paano at saan ka dadalo
WorkSource	Lumahok sa isang Mga Serbisyo sa Muling Pagtatrabaho at Pagsusuri sa Pagiging Kwalipikado (Reemployment Services and Eligibility Assessment, RESEA) bago ang appointment o bilang follow-up nito	Pangalan ng aktibidad, petsa, at kung saan at kung paano nakumpleto
WorkSource	Lumahok sa isang pangkalahatang job club na sponsored ng WorkSource	Pangalan ng aktibidad, petsa, at kung saan o paano ka dadalo (virtual o in-person)
WorkSource	Makipagpulong sa isang espesyalista o career coach sa WorkSource para matuto pa tungkol sa mga Title I na serbisyo	Pangalan ng aktibidad, petsa, at kung saan at kung paano nakumpleto
WorkSource	Mag-enroll sa programa ng Titulo I-B ng Batas sa Inobasyon at Oportunidad sa Lakas-Paggawa (Workforce Innovation and Opportunity Act, WIOA) at bumuo ng Indibidwal na Plano sa Pagtatrabaho (Individual Employment Plan)	Pangalan ng aktibidad, petsa, at kung saan at kung paano nakumpleto
WorkSource	Mag-enroll sa programa ng Titulo I-B ng WIOA at makatanggap ng kahit man lang isang pangkaraniwan o indibidwal na serbisyo sa trabaho, gaya ng paglahok sa paghahanda sa lakas-paggawa, kaalaman sa pananalapi, o short-term na pre-vocational na kurso.	Pangalan ng aktibidad, petsa, at kung saan at kung paano nakumpleto
WorkSource	Lumahok sa pagsasanay ng incumbent na manggagawa sa Titulo I-B ng WIOA	Pangalan ng aktibidad, petsa, at

		kung saan at kung paano nakumpleto
WorkSource	Lumahok sa isang bayad o hindi bayad na karanasan sa trabaho o internship sa Titulo I-B ng WIOA	Pangalan ng aktibidad, petsa, at kung saan at kung paano nakumpleto
WorkSource	Lumahok sa on-the-job na pagsasanay sa Titulo I-B ng WIOA	Pangalan ng aktibidad, petsa, at kung saan at kung saan nakumpleto
Iba pa	Gumawa ng labor market research sa esd.wa.gov/labormarketinfo	Link sa o screen shot ng impormasyon
Iba pa	Manood ng online na video, halimbawa isang video sa YouTube, tungkol sa isang paksa sa paghahanap ng trabaho (halimbawa: paano magsulat ng cover letter, pagsulat ng resume, o mga interview skill)	Link sa video o screen shot ng launch page ng video
Iba pa	Maghanda ng 30 segundong “elevator speech” na gagamitin mo sa mga job fair o sa isang interview	Screen shot o dokumento
Iba pa	Mag-set up ng bagong account o i-update ang account mo sa mga site sa paghahanap ng trabaho (Indeed, LinkedIn, Glassdoor, CareerBuilder, Monster, Google Careers, o iba pa) at maghanap ng mga opening sa trabaho	Link sa o screen shot ng iyong profile at mga opening sa trabaho
Iba pa	Gumawa ng account at i-post ang iyong resume at cover letter sa mga application sa online na paghahanap ng trabaho (Job Scan, Bright Move, Hiring Solved, o iba pa)	Link sa o screen shot ng page na nagpapakita ng matagumpay na paggawa ng account at partikular na opening sa trabaho
Iba pa	Mag-sign up sa isang pribadong career coach o serbisyo	Link sa o screen shot ng kasunduan
Iba pa	Magparehistro sa serbisyo ng permanenteng placement agency, recruiter o headhunter	I-screen shot ang page kung nasaan ang iyong pagpaparehistro

Iba pa	Lumahok sa mga webinar o kurso na nauugnay sa paghahanap ng trabaho ng mga placement agency	Link sa o screen shot ng page na nagpapakita ng pagkakatapos nito	
Iba pa	Lumahok sa isang in-person o virtual na job fair o hiring event at makipag-ugnayan sa kahit man lang isang employer	Registration letter o email mula sa kinatawan sa job fair; Pangalan ng employer o negosyo, impormasyon kung paano mo ginawa ang pakikipag-ugnayan (in-person, online, telepono, email, o iba pa), impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng employer o negosyo	X
Iba pa	Lumahok sa virtual o remote na shadowing sa trabaho	Kopya ng isang letter o email mula sa tao kung kanino ka nag-shadow. Kung ang shadow sa trabaho na ito ay para sa isang partikular na bukas na posisyon, puwede itong ituring na pakikipag-ugnayan sa employer para sa mga pinalawig na benepisyo.	X
Iba pa	Lumahok sa isang pribado o pangkomunidad na job club	Letter o email mula sa club leader o sponsor	
Iba pa	Lumahok sa pribadong on-the-job training (OJT)	Pangalan ng kumpanya, uri ng aktibidad ng posisyon, at kung saan o paano	X

natapos. Kung ang shadow sa trabaho na ito ay para sa isang partikular na bukas na posisyon, puwede itong ituring na pakikipag-ugnayan sa employer para sa mga extended na benepisyo.

Iba pa	Magsagot ng isang online na interest inventory (hal., Strong, My Next Move, Myers/Briggs)	Link sa o screen shot ng iyong mga resulta
Iba pa	Sagutan ang ACT WorkKeys assessment	Link sa o screen shot ng iyong mga resulta
Iba pa	Kumuha ng Pambansang Kredensyal sa Kahandaan sa Trabaho (National Work Readiness Credential)	Screen shot o naka-scan na kopya ng certificate
Iba pa	Lumahok sa isang kurso sa mga kasanayan sa trabaho o computer	Screen shot o kopya ng iyong resibo sa pagpaparehistro
Iba pa	Kumuha ng kurso o klase sa kaalaman sa computer	Screen shot o kopya ng iyong resibo sa pagpaparehistro
Iba pa	Lumahok sa isang kurso o klase sa Ingles bilang Pangalawang Wika (English as a Second Language, ESL)	Pangalan, petsa, at lokasyon, screen shot o scan ng resibo sa pagpaparehistro
Iba pa	Lumahok sa certified course ng LinkedIn Learning, o mga kurso sa isang katulad na platform sa online learning na nagbibigay ng mga certificate of completion.	Link sa o screen shot ng page ng pagtapos ng kurso
Iba pa	Lumahok sa isang bayad o hindi bayad na karanasan sa trabaho o internship ng pribadong sektor	Letter o email mula sa employer
Para sa mga self-employed	Pag-advertise ng iyong negosyo sa mga bago o potensyal na customer.	Link o screenshot sa iyong ad (digital,

<p>at/o may-ari ng negosyo LANG</p>		<p>newspaper, social media, atbp.)</p>
<p>Para sa mga self-employed at/o may-ari ng negosyo LANG</p>	<p>Pag-bid sa mga trabaho.</p>	<p>Kopya ng larawan ng panukalang isinumite para sa bid.</p>
<p>Para sa mga self-employed at/o may-ari ng negosyo LANG</p>	<p>Pakikipag-ugnayan mga potensyal o datang kliyente.</p>	<p>Pangalan, petsa kung kailan nakaugnayan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan (email o numero ng telepono) ng nakaugnayang kliyente.</p>
<p>Para sa mga self-employed at/o may-ari ng negosyo LANG</p>	<p>Paglahok sa isang webinar o workshop para makabuo ng mga kasanayang nauugnay sa negosyo o para matuto ng bagong trade.</p>	<p>Registration letter o email na nagkukumpirma sa pagdalo, o certificate of completion para sa workshop o webinar.</p>
<p>Para sa mga self-employed at/o may-ari ng negosyo LANG</p>	<p>Paggamit ng mga serbisyo ng maliit na negosyo, o pagkonsulta sa isang propesyonal sa Sentro ng Pag-unlad para sa Maliit na Negosyo (Small Business Development Center, SBDC). (Halimbawa, paggamit ng mga serbisyo sa mga website gaya ng www.business.wa.gov o www.sba.gov.)</p>	<p>Screenshot para maipakita ang patunay ng pagbisita at pakikipag-ugnayan sa website ng serbisyo ng maliit na negosyo.</p> <p>Pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng propesyonal sa SBDC.</p>

Para sa mga self-employed at/o may-ari ng negosyo LANG

Iba pang aktibidad para makapagpakita ng patuloy at aktibong pagsisikap para mapalago ang iyong negosyo.

Screenshot o larawan ng pag-renew ng iyong propesyonal na lisensya sa Departamento ng Paglilisensya (Department of Licensing) o lisensya ng negosyo sa Departamento ng Kita (Department of Revenue).

Pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng opisyal sa pag-loan para sa iyong loan sa negosyo.

Screenshot na may timestamp ng mga update sa website para sa website ng iyong negosyo.

Screenshot ng isang event sa networking na pinuntahan o nahost mo.

*Ang programa sa Mga Extended na Benepisyo (Extended Benefits, EB) ay nagbibigay sa iyo ng hanggang sa 20 karagdagang linggo ng mga benepisyo, pero mayroon itong mas mahihigpit na kinakailangan sa paghahanap ng trabaho. Ang mga aktibidad sa talahanayan na may check mark ay nangangahulungang kakailanganin ng mga ito ang mas mahihigpit na kinakailangan sa paghahanap ng trabaho sa EB. Ang EB ay kasalukiyang hindi available sa estado ng Washington.

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) sa paghahanap ng trabaho

Nakakatanggap ako ng Pandemic Unemployment Assistance (PUA). Kailangan ko bang maghanap ng trabaho?

Oo. Kailangan mong kumumpleto ng kahit man lang isang aprubadong aktibidad sa paghahanap ng trabaho, kahit tumatanggap ka ng PUA. Mariin naming hinihikayat na kumumpleto ka ng kahit man lang tatlong aktibidad dahil:

- **Nakaiskedyul ang mga benepisyo ng PUA sa katapusan at simula ng Setyembre 2021.** Ang aktibong paghahanap ng trabaho bago iyon ay makakatulong na makuha mo ang mga benepisyo mo.
- **Puwede nitong maiwasan ang mga posibleng isyu sa hinaharap.** Kung kailangan naming suriin ulit ang iyong claim, at napag-alaman naming kwalipikado ang mga nakaraang linggo mo para sa regular na benepisyo sa kawalan ng trabaho sa halip na PUA, matutugunan ng pagtatapos ng tatlong paghahanap ang kinakailangan para sa mga regular na benepisyo sa kawalan ng trabaho at posible nitong maiwasan ang mga isyu o labis na pagbabayad sa mga nakaraang linggo. Puwede kang matuto pa tungkol sa kung bakit namin susuriin ulit ang iyong claim sa page na [Alerto sa potensyal na bagong claim](#) ng aming website (nasa wikang Ingles).

Hindi ako makapagtrabaho dahil nasa mataas na panganib ako ng pagkakaroon ng COVID-19. Kailangan ko pa rin bang kumpletuhin ang mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho?

Oo. Kung wala kang trabaho, iniaatas ng batas na dapat mong kumpletuhin ang mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho para manatiling kwalipikado sa mga benepisyo.

- Tandaang maraming aktibidad ang puwedeng gawin sa virtual na paraan.
- Puwede ka ring manatiling naghahanap ng naaangkop ng trabaho na puwedeng gawin sa bahay.

Nakakatanggap ako ng Pandemic Emergency Unemployment Compensation (PEUC). Magkaiba ba ang mga kinakailangan sa paghahanap para sa akin?

Hindi. Ang iyong mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho ay pareho sa nasa regular na insurance sa kawalan ng trabaho. Dapat kang kumumpleto ng kahit man lang tatlong aprubadong aktibidad sa paghahanap ng trabaho kada linggo para manatiling kwalipikado para sa mga benepisyo.

Ako ay self-employed at/o may sariling negosyo. Kailangan ko pa rin bang kumumpleto ng mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho?

Oo. Ayon sa batas, kailangan mong kumpletuhin ang mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho para manatiling kwalipikado sa mga benepisyo. Kung tumatanggap ka ng PUA, kailangan mong kumumpleto ng kahit man lang isa. Kung tumatanggap ka ng regular na benepisyo sa kawalan ng trabaho, kailangan mong kumumpleto ng kahit man lang tatlo.

Tatlong bagay na dapat mong malaman:

1. Hindi kasama sa karamihan ng aktibidad ang pag-apply para sa mga trabaho sa ibang employer.
2. Nagdagdag kami ng mga aprubadong aktibidad na partikular sa mga self-employed at may-ari ng negosyo para gawing mas nauugnay sa iyo ang patugon sa kinakailangan na ito.
3. Puwede mong kumpletuhin ang alinman sa mga aprubading aktibidad para matugunan ang kinakailangan. Hindi mo kailangang manatili sa mga aprubado lang para sa mga self-employed at/o may-ari ng negosyo.

Part-time akong nagtatrabaho dahil sa pandemya. Kailangan ko pa rin bang maghanap ng trabaho para makatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho?

Oo. Inaatasan kang maghanap ng naaangkop na full-time na trabaho, kahit mayroon kang part-time na trabaho.

May inaalagaan ako at hindi ako makapagtrabaho. Kailangan ko pa rin bang maghanap ng trabaho para makatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho?

Oo. Dapat ay patuloy mong matugunan ang kinakailangan sa paghahanap ng trabaho para manatiling kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, kahit mayroon kang inaalagaan. Kasama rito ang mga bata na hindi pumapasok sa paaralan o daycare dahil sa pandemya.

Nakatanggap ka ba ng mga benepisyo sa Bayad na Pampamilya at Medikal na Leave? Iba ang programang ito sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho at may iba itong kinakailangan. Kung tumatanggap ka ng Bayad na Pampamilya at Medikal na Leave dahil pansamantala kang hindi nagtatrabaho at nag-aalaga para sa isang miyembro ng pamilya, na may karamdaman o may pinsala, hindi nalalapat ang kinakailangan sa paghahanap ng trabaho. Pumunta sa paidleave.wa.gov (nasa wikang Ingles) para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa. Hindi puwedeng pareho kang makatanggap ng insurance sa kawalan ng trabaho at benepisyo sa Bayad na Pampamilya at Medikal na Leave nang magkasabay.

Mayroon akong alok sa trabaho pero hindi pa ako makapagsimula hangga't hindi ibinabalik ang kinakailangan sa paghahanap ng trabaho. Kailangan ko pa rin bang maghanap ng trabaho para makatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho bago ako magsimula sa bago kong trabaho?

Hindi, pero kailangan mong mag-apply para sa standby. Nagbibigay-daan ang standby na patuloy kang makatanggap ng mga benepisyo nang hindi naghahanap ng trabaho, hangga't may aprubado kang dahilan sa paggawa nito. Matuto pa tungkol sa standby sa [page na Mga pansamantalang layoff, standby, at furlough](#) ng aming website (nasa wikang Ingles).

Nag-apply ako para sa standby sa unang bahagi ng taong ito o bago ang pandemya noon na-waive ang paghahanap ng trabaho. Kailangan ko bang magsumite ng bagong standby na aplikasyon kapag ibinalik na ang kinakailangan?

Wala nang bisa ang mga kahilingan sa standby na isinumite bago ang pandemya. Kakailanganin mo o ng iyong employer na humiling ulit ng standby ngayong inalis na ang executive order na nagwe-waive sa paghahanap ng trabaho simula noong Hulyo 4, 2021. Matuto pa tungkol sa kung paano ito gawin sa page na [Mga pansamantalang layoff, standby, at furlough](#) ng aming website (nasa wikang Ingles).

Ano ang mga pangunahing kinakailangan para mag-claim ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho?

Habang nagke-claim ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, magagawa mo dapat na:

- Magtrabaho.
- Maging available para sa trabaho.
- Maging aktibong naghahanap ng naaangkop na trabaho, maliban na lang kung hindi ganito ang sasabihin sa iyo.
- Magrehistro sa trabaho sa isang employment center ng WorkSource o sa lokal na employment center (kung nakatira sa labas ng Washington).

Habang kumukuha ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, karaniwan ay dapat kang humanap ng naaangkop na trabaho at magpanatili ng talaan ng iyong paghahanap ng trabaho para manatiling kwalipikado para sa mga benepisyo. Kailangan mong mag-log, sa kabuuan, ng tatlong naaprubahang aktibidad sa paghahanap ng trabaho bawat linggo. Puwede mong i-log ang impormasyong ito online sa paghahain mo ng iyong lingguhang claim o puwede mong gamitin ang aming [aktwal na log para sa paghahanap ng trabaho](#) (na nasa wikang Ingles) kung sa telepono mo ito ihahain. Ang WorkSource ay may mga programa at serbisyong makakatulong sa iyong mas mabilis na makabalik sa trabaho

Napakahalagang maunawaan mo ang iyong mga responsibilidad sa pagsasagawa at pagdodokumento mo sa iyong paghahanap ng trabaho para maiwasan ang mga pagkakamaling puwedeng maging dahilan para bayaran mo ang mga benepisyong natatanggap mo.

Puwede ko bang gawin nang mahigit sa isang beses ang isang aktibidad at bilangin ito bilang maraming aktibidad sa paghahanap ng trabaho?

Hindi. Hindi mo puwedeng gawin nang mahigit sa isang beses ang isang aktibida at bilangin ito. Halimbawa:

- Hindi mo puwedeng panoorin nang ilang beses ang isang video, o hindi ka puwedeng mag-apply nang ilang beses sa isang trabaho, at hindi mo ito puwedeng bilangin.
- Magagawa mong manood ng iba't ibang video na nauugnay sa trabaho sa loob ng iisang linggo (halimbawa, isa sa pinakamahuhusay na kagawian sa interview at isa sa pagsusulat ng resume), o mag-apply sa iba't ibang trabaho sa iisang kumpanya, at bilangin ang bawat aplikasyon.

Kailangan mo bang magparehistro sa iyong lokal na opisina ng WorkSource o sa American Job Center?

Kung nakatira ka sa Washington, awtomatiko kang mairerehistro sa trabaho sa pamamagitan ng isang opisina ng WorkSource sa estado ng Washington kapag inihain mo ang iyong claim para sa nawalan ng trabaho. Nakapende ang pagtatalaga sa iyong zip code. Kung nakatira ka sa labas ng Washington, dapat kang magparehistro sa iyong lokal na American Job Center sa loob ng isang linggo mula sa petsa ng pagkakatanggap mo sa unang bayad sa iyo para sa benepisyo sa nawalan ng trabaho. Kung sa Washington ka orihinal na maghahain para sa mga benepisyo, pagkatapos ay lilipat ka sa Estados Unidos o Canada at patuloy mong matutugunan ang iyong mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, mananatili kang kwalipikado para sa mga benepisyo. Dapat kang maghanap ng trabaho at magparehistro para sa trabaho sa lugar na tinitirhan mo. Pumunta sa WorkSourceWa.com (na nasa wikang Ingles) para makita ang opisina ng WorkSource na pinakamalapit sa iyo.

Ano ang gagawin ko kung nasa labas ako ng estado?

Kung nakatira ka sa ibang estado o lilipat ka sa ibang lugar, dapat kang magparehistro para sa trabaho sa isang American Job Center sa loob ng isang linggo mula sa petsa ng pagbibigay ng unang bayad sa iyo sa bago o nabuksan ulit na claim mo. Makakakita ka ng American Job Center gamit ang website sa servicelocator.org (na nasa wikang Ingles). Kadalasan, makakapagparehistro ka online. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina para malaman kung paano kumpletuhin ang proseso ng pagpaparehistro.

Kung hindi ka magpaparehistro para sa trabaho, hindi ka bibigyan ng mga benepisyo sa bawat linggong hindi ka nakarehistro.

Paano kung wala ako sa bansa?

Kung ikaw ay nasa labas ng Estados Unidos, Puerto Rico, o U.S. Virgin Islands, dapat kang maghanap ng remote o personal na trabahong legal at awtorisado kang gawin sa bansang kinaroroonan mo.

Kung makakabalik ka agad sa Estados Unidos, Puerto Rico, o U.S. Virgin Islands para bumalik sa trabaho dahil inalok ka ng trabaho, puwede ka ring maghanap ng trabaho sa mga lokasyong ito.

Mayroon bang mga pagbubukod sa kinakailangan sa paghahanap ng trabaho?

Oo, pero sa mga limitadong sitwasyon lang. Dapat maghanap ang halos lahat – kasama ang mga tumatanggap ng PUA – ng naaangkop na trabaho. Kasama sa mga pagbubukod ang:

- Kapag inaprubahan ka namin para sa isang programa ng pagsasanay, gaya ng Pagsasanay na Naaprubahan ng Komisioner o Mga Benepisyo ng Pagsasanay.
- Kapag inaprubahan ka namin para sa SharedWork.
- Kapag inaprubahan ka namin para sa pag-standby.
- Kapag inaprubahan ka namin para sa Programa ng Tulong para sa Self-Employment (Self-Employment Assistance Program, SEAP).
- Kapag na-dispatch ka sa pamamagitan ng full-referral na unyon.

- Kapag hindi ganap na nawala ang trabaho mo (at naaprubahan ka ng departamento).
- Kapag isa kang aktibong nakarehistrong electrical apprentice sa isang naaprubahang programa para sa electrical apprenticeship.
- Kapag inaprubahan kang pumunta sa bahaging ginagawa sa silid-aralan ng mandatoryong pagsasanay ng apprentice.
- Kapag kasama ka sa isang strike o lockout.

lisang aktibidad lang sa paghahanap ng trabaho ang kailangan mong kumpletuhin kung ikaw ay:

- **Nakakatanggap ng PUA.** Gayunpaman, lubos naming inirerekomandang kumpletuhin mo ang tatlong naaprubahang aktibidad sa paghahanap ng trabaho kung nakakatanggap ka ng PUA. Tingnan ang tanong tungkol sa PUA sa page na ito para matuto pa.
- **Kapag umalis ka sa trabaho dahil sa karahasan sa bahay o stalking.** Kung natukoy ng departamento na hindi ka na babalik sa trabaho dahil biktima ka ng karanasan sa bahay o stalking, iisang naaprubahang aktibidad lang bawat linggo ang kailangang mong kumpletuhin para manatili kang kwalipikado para sa mga benepisyo.

Kailangan ng lahat ng iba pang claimant na kumumpleto ng hindi bababa sa tatlong naaprubahang aktibidad sa paghahanap ng trabaho. Aabisuhan ka namin tungkol sa iyong mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho sa oras na ihain mo ang iyong claim para sa nawalan ng trabaho.

Tandaan: Kung miyembro ka ng full-referral na unyon, dapat kang maghanap ng trabaho sa pamamagitan ng pagtugon sa mga kinakailangan sa pag-dispatch ng iyong unyon. Kapag sinabing full-referral na unyon, ang ibig sabihin, nire-refer nito ang mga miyembro nito sa mga trabaho sa pamamagitan ng referral o pag-dispatch.

Paano ko malalaman kung hindi na kinakailangan ang mga aktibidad ko sa paghahanap ng trabaho?

Aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng pagsulat gamit ang pinili mong paraan ng pakikipag-ugnayan. Dapat kang maghanap ng trabaho maliban na lang kung inabisuhan ka ng departamento na hindi mo ito kailangang gawin. Kung aatasan kang maghanap ng trabaho, dapat mong matugunan ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho ng estado ng Washington sa bawat linggo na magke-claim ka ng mga benepisyo (maliban na lang kung iba ang sasabihin namin sa iyo).

Ano ang pakikipag-ugnayan sa employer?

Sa pagtatanong kaugnay ng isang posisyon, dapat mong gawin ang lahat ng kinakailangang hakbang para sa pag-apply sa posisyon para mabilang ang nasabing pakikipag-ugnayan bilang aktibidad sa paghahanap ng trabaho. Nakikipag-ugnayan ka sa employer sa tuwing nagtatanong ka tungkol sa isang trabaho o nag-a-apply ka sa isang trabaho. Kung nag-apply ka sa isang trabaho, o kung nagtanong ka tungkol sa isang trabaho, at nalaman mong hindi nagha-hire o tumatanggap ng mga aplikasyon ang employer, puwede mo pa ring bilangin ang pagtatanong mo bilang pakikipag-ugnayan sa empleyado kung hindi mo alam na hindi nagha-hire o tumatanggap ng mga aplikasyon ang employer. Dapat mong itala ang detalyeng iyon sa iyong log para sa paghahanap ng trabaho. Puwede kang makipag-ugnayan sa isang employer sa pamamagitan ng:

- Email
- Fax
- Internet
- Koreo
- Telepono
- Personal na pagpunta
- Virtual na meeting gamit ang mga serbisyo sa pakikipagkumperensya gaya ng Skype, Zoom, atbp.
- Self-service na kiosk ng employer

Paano ko maidodokumento ang paghahanap ko ng trabaho?

Kung ginagamit mo ang eServices sa pagsusumite ng iyong lingguhang claim, kakailanganin mong ilagay sa eServices ang mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho para maging kwalipikado ka para sa mga benepisyo. Sundin lang ang mga prompt sa eServices. Puwede naming hilinging magpakita ka sa amin ng katibayan ng iyong mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho, kahit magsumite ka ng impormasyon sa paghahanap ng trabaho kasama ng iyong lingguhang claim online sa pamamagitan ng eServices, kaya mainam na magtabi ka ng dokumentasyon ng paghahanap mo. Hindi mo kami kailangang bigyan ng katibayan ng iyong mga aktibidad maliban na lang kung hihingin namin ito.

Kung sa pamamagitan ng telepono ka nagsusumite ng mga lingguhang claim, kakailanganin mong magtabi ng nakasulat na log ng iyong mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho. Inirerekomenda naming ang ibibigay naming [template ng log para sa paghahanap ng trabaho](#) (na nasa wikang Ingles) ang gamitin mo, pero puwede mong subaybayan ang iyong mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa anumang dokumentong pipiliin mo. Kung iyon ang gagawin mo, nakasaad dapat dito ang kinakailangang impormasyon para maipakitang aktibo kang naghahanap ng naaangkop na trabaho. Kakailanganin mong ipakita sa amin ang log na ito kapag hiningi namin ito. Pakitandaang puwede kaming makipag-ugnayan sa iyo para sa katibayan ng mga aktibidad sa paghahanap kahit huminto ka na sa pag-claim bawat linggo.

Gamitin ang [log para sa paghahanap ng trabaho](#) (na nasa wikang Ingles) na ibibigay namin para maiwasan ang pagtatala ng hindi kumpletong impormasyon. Gumamit ng itim na ballpen at tiyaking nababasa ang sulat mo.

Kailangan ko bang isumite ang aking log para sa paghahanap ng trabaho?

Hindi, pero puwede namin itong hingin anumang oras. Dapat mo itong itabi hindi bababa sa 30 araw pagkatapos ng iyong taon ng benepisyo o 30 araw pagkatapos mong huminto sa pagtanggap ng mga benepisyo, alinman doon ang mahuli. Hindi mo ito kailangang ipadala sa amin maliban na lang kung hihingin namin ito.

Random naming sinusuri ang mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho para matiyak na naghahanap ka ng naaangkop na trabaho. Kung mapipili ka para sa pagsusuri o kung mayroon kaming tanong tungkol sa paghahanap mo ng trabaho, hihingi kami ng kopya ng iyong (mga) log para sa paghahanap ng trabaho at dapat mong ibigay ang mga ito alinsunod sa tagubilin.

Puwede kaming magpadala sa iyo ng liham para iiskedyul ang pagsusuri sa iyong mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho para matiyak na naghahanap ka ng naaangkop na trabaho, alamin kung kwalipikado ka para sa mga benepisyo at, kapag naaangkop, magbigay ng feedback tungkol sa kung paano mo mapapahusay ang paghahanap mo ng trabaho. Basahin nang mabuti ang liham para malaman kung sa telepono o personal ang interview mo. Ihanda ang iyong (mga) log para sa paghahanap ng trabaho. Kung nawawala o hindi kumpleto ang iyong log, o kung hindi mo pinagsisikapang maghanap ng naaangkop na trabaho, posibleng hindi namin ibigay ang mga benepisyo. Kakailanganin mong bayaran ang mga benepisyo para sa lahat ng linggo kung kailan hindi mo natugunan ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho.

Kahit maipakita mong natutugunan mo ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho, puwede kaming magmungkahi na baguhin mo ang iyong mga pagsisikap sa paghahanap ng trabaho o mas ayusin mo ang iyong dokumentasyon. Puwede ka rin naming iiskedyul para sa karagdagang appointment para makumpirmang natutugunan mo ang mga kinakailangan.

Kung hindi mo maipapakitang pinagsisikapang mong maghanap ng naaangkop na trabaho, posibleng hindi namin ibigay ang iyong mga benepisyo. Kung hindi namin ibibigay ang iyong mga benepisyo, kailangan mong bayaran ang mga benepisyong natanggap mo para sa mga linggo kung kailan hindi mo natugunan ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho. Bukod pa rito, mag-iiskedyul kami ng pagsusuri sa iyong mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho para sa lahat ng na-claim mong linggo.

Dapat kang tumanggap ng alok ng naaangkop na trabaho batay sa iyong mga kasanayan, kakayahan, at iba pang salik para sa okupasyon mo sa iyong labor market. Kung limitado ang mga trabaho sa iyong okupasyon o heograpikong lugar, dapat mong palawakin ang paghahanap mo ng trabaho. Halimbawa, mainam na pag-isipan mong maghanap ng trabaho sa virtual na paraan, o sa ibang larangan o lokasyon.

Hindi mo puwedeng limitahan ang paghahanap mo sa mga trabahong sa hinaharap pa magsisimula. Halimbawa, kung isa kang driver ng school bus tuwing bakasyon, hindi mo puwedeng limitahan ang paghahanap mo sa mga trabahong magsisimula sa taglagas, o sa trabahong matatapos kapag pasukan na. Matuto pa sa [page na Pagtangga sa trabaho](#) (na nasa wikang Ingles) sa aming website.

Paano makakatulong ang WorkSource sa paghahanap ko ng trabaho?

Ang mga opisina ng WorkSource sa estado ng Washington, at ang mga affiliate nito sa iba pang estado ay mga partner sa network ng American Job Center. Nagbibigay sila ng mga serbisyo sa pagtatrabaho at pagsasanay sa mga naghahanap ng trabaho at employer. Libre ang karamihan ng mga serbisyo. Para makita ang pinakamalapit na opisina ng WorkSource sa iyo, bumisita sa [WorkSourceWA.com](#) (na nasa wikang Ingles).

Kung nakatira ka sa labas ng Washington, hanapin ang pinakamalapit na American Job Center sa [careeronestop.org](#) (na nasa wikang Ingles) o tumawag sa 877-872-5627. Nag-aalok ang mga opisina ng WorkSource ng mga kapaki-pakinabang na klase, workshop, at iba pang serbisyong posibleng makatulong sa iyo na matugunan ang iyong mga lingguhang kinakailangan sa paghahanap ng trabaho.

Makikita sa ibaba ang isang listahan ng mga virtual at personal na serbisyong ibinibigay ng WorkSource:

- Pagtatasa ng mga kasanayan at gabay sa karera.
- Mga estratehiya sa paghahanap ng trabaho.
- Impormasyon tungkol sa sahod sa mga trabaho, at mga trabahong may malaking demand.
- Mga referral sa mga job opening, at virtual at personal na event para sa pag-hire.
- Mga referral at appointment para sa mga serbisyo sa tulong sa paghahanap ng trabaho.
- Tulong sa paghahanda ng iyong resume at para sa mga interview sa trabaho.
- Pagbabahagi ng mga diskarte sa paghahanap ng trabaho sa iba pang naghahanap ng trabaho.
- Mga referral sa mga pormal na programa ng pagsasanay, at access sa mga libreng online na pagsasanay.
- Mga referral sa mga food bank, libreng pagpapayo sa credit, kalusugan, bahay, tulong sa mga utility, at maraming iba pang resource sa komunidad para matulungan kang mag-adjust sa pagkawala ng trabaho mo. Puwede ka ring tumawag sa 211 para sa mga karagdagang resource.

Nakakatanggap ako ng Mga Extended na Benepisyo. Pareho lang ba ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho para sa programang ito? (*Tandaan: Hindi available ang Mga Extended na Benepisyo sa estado ng Washington sa kasalukuyan. Pumunta sa [page na Mga extension sa benepisyo](#) para matuto pa.*) (Nasa wikang Ingles)

Kung nagamit mo na ang iyong 26 na linggong regular na pagkawala ng trabaho at ang iyong pederal na PEUC, posibleng maging kwalipikado ka para sa Mga Extended na Benepisyo, na may hanggang 13 karagdagang linggo ng mga benepisyo. Ang programang ito ay may mahihigpit na kinakailangan sa paghahanap ng trabaho, na iba sa mga regular na kinakailangan sa paghahanap ng trabaho para sa nawalan ng trabaho. Malaki ang mga kahihinatnan para sa hindi pagtugon sa mga kinakailangang ito sa paghahanap ng trabaho. Kung mag-a-apply at kwalipikado ka sa Mga Extended na Benepisyo, magpapadala kami sa iyo ng mga tagubilin sa paghahanap mo ng trabaho. Matuto pa tungkol sa Mga Extended na Benepisyo at kung paano mag-apply sa [page na Mga extension sa benepisyo](#) (na nasa wikang Ingles).

Humingi ng tulong sa paghahanap ng trabaho

Gusto mo bang makipag-ugnayan sa isang nakalaang ekspertong makakatulong sa iyong maghanap ng trabaho? Narito ang WorkSource para sa iyo!

Magagawa ng mga tauhan ng WorkSource na iugnay ka sa mga employer na nagha-hire ngayon sa iyong komunidad, tukuyin ang mga oportunidad sa paghahanap, o tulungan kang pagandahin ang iyong aplikasyon at pahusayin ang iyong mga kasanayan sa interview.

Narito ang dapat gawin:

- Ang pinakamainam na paraan ng pakikipag-ugnayan sa isang miyembro ng WorkSource ay sa virtual na paraan.

- Kung hindi ito gagana para sa iyo, may ilan nang opisina ang WorkSource na magbubukas na ulit para sa mga personal na serbisyo. Posibleng para lang ito sa mga magpapa-appointment.
- Pumunta sa [page ng panghanap ng opisina ng WorkSource](#) (na nasa wikang Ingles) para makakita ng mga available na opsyon para sa mga virtual at personal na serbisyo sa iyong lugar.
- Inaasahan naming malaki ang magiging demand para sa mga serbisyo ng WorkSource kasabay ng pagpapairal ulit sa kinakailangan. Pakitingnan ang [page na panghanap ng opisina sa WorkSourceWA.com](#) (na nasa wikang Ingles) para mahanap ang pinakamahusay na paraan ng pakikipag-ugnayan sa isang eksperto sa WorkSource sa iyong komunidad.

Hanapin ang iyong lokal na opisina ng WorkSource o ang American Job Center.

Washington: WorkSourceWA.com

Sa labas ng Washington: careeronestop.org o 877-872-5627

Ang Departamento ng Seguridad sa Trabaho ay isang employer/programa na nagbibigay ng patas na oportunidad. Magbibigay sa mga indibidwal na may kapansanan ng mga karagdagang tulong at serbisyo kapag hiniling. May mga available na libreng serbisyo sa wika para sa mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles. Serbisyo sa Pag-relay ng Washington: 711